

## Mga Impeksyong Fungal

Ang mga impeksyong fungal ay sanhi ng isang pangkat ng mga organismo na karaniwang nabubuhay sa balat, na maaaring dumami upang magdulot ng mga problema sa ilalim ng ilang kondisyon.

### **Ano ang nagiging sanhi ng mga impeksyon sa fungus?**

Ang iba't ibang uri ng fungus, gaya ng yeast, ay karaniwang nabubuhay sa balat at hindi nagiging sanhi ng mga problema. Kung minsan dumarami ang mga ito at nakaaabala, lalo na sa mga bahagi ng katawan na mainit-init at basa-basa, gaya ng sa pagitan ng mga binti at sa ilalim ng mga suso.

Ang mga impeksyong fungal ay mas pinapalala ng pawis, friction, at masikip na damit panloob. Ang pagsusuot ng mga spandex, bike shorts, basang swimsuit, damit na basa sa pawis, at maraming patong na damit na tumatakip sa basa-basang bahagi ng katawan ay maaari ding magdulot ng paglago ng fungus. Ang mga impeksyong fungal ay maaari ding mas lumala sa mainit na panahon.

Ang mga impeksyong fungal ay karaniwang **HINDI** nakukuha sa pakikipagtalik.

### **Ano ang dapat kong hanapin?**

- Mapupulang spot, pangangati, o mga puting tagpi (patches) sa ulo ng penis, sa pagitan ng binti at sa pigi.
- Makakating spot sa balat ng dibdib, likod, trunk ng katawan at sa singit.
- Kayumanggi, tan, o pulang scaly patch na maaaring mayroong crusting o bukol sa mga gilid.
- Mga scaly patch sa pagitan ng mga binti at mga testicle.

### **Paano ginagamot ang fungus?**

- Malakas na pahanginan ang pantal (rash).
- Subukang magsuot ng boxer shorts sa halip na mga brief.
- Huwag matulog na may maraming layer ang damit.
- Patuyuin nang mabuti ang iyong katawan pagkatapos maligo. Gumamit ng blow dryer sa pagitan ng iyong binti habang ang foreskin ng penis ay nakahila ng pabalik.
- Ang mga topical na gamot na tinatawag na anti-fungals (miconazole, clotrimazole, atbp) ay maaaring mabili sa botika nang walang reseta.

Piliin ang mga gamot na ito sa anyo ng cream; mas epektibo ang mga ito kaysa sa mga pulbos. Gamitin ang mga ito nang dalawang bses sa isang araw at patuloy na gamitin ang mga ito sa isang linggo pagkatapos na mawala ang pantal (rash). Kung hindi ito nakakatulong, bumalik sa klinika para sa isa pang pagsusuri.

### **Mahalaga!**

**Huwag subukang suriin ang iyong sarili.** Maaaring paminsan-minsan ang mga impeksyong ito ay kamukhang-kamukha ng syphilis (isa pang mas malubhang impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik).

**Para sa higit pang impormasyon:**

Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

**Pangkalahatang STI**

[www.ashasexualhealth.org](http://www.ashasexualhealth.org) (mayroon din sa Español) [www.bedsider.org](http://www.bedsider.org)  
[www.cdc.gov/std/](http://www.cdc.gov/std/)  
[www.sfcityclinic.org](http://www.sfcityclinic.org)  
[www.sfsi.org/](http://www.sfsi.org/)

**Contraception at STI/sex info**

**Teens**

[www.iwannaknow.org](http://www.iwannaknow.org)  
[www.kidshealth.org/teen](http://www.kidshealth.org/teen) (mayroon din sa Español)  
[www.scarleteen.com](http://www.scarleteen.com)

Para sa STI check-up o paggamot,  
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:



City Clinic  
356 7th Street  
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)  
San Francisco, CA 94103  
(628) 217-6600  
[www.sfcityclinic.org](http://www.sfcityclinic.org)